

**Patakaran para sa Pagpapaaral sa Elementary at Junior High School ng
Setagaya City (Para sa mga Foreign Resident)**

Sa mga foreign resident na nais ipagpaaral sa elementary o junior high school sa lunsod ng Setagaya ang kanilang mga anak na nasa edad pang-elementarya o pang-junior high school, kailangang isagawa ang aplikasyon sa *Gakumu-ka* o School Affairs Division sa opisina ng Board of Education ng Setagaya City Hall (hindi ito maaaring gawin sa *kumin madoguchi* o mga branch office ng city hall).

Opisinang tagatanggap ng aplikasyon: Setagaya City School Affairs Division (*Gakumu-ka*) sa opisina ng Board of Education

(4-21-27 Setagaya, Setagaya City)

Telepono 03-5432-2683

Oras ng tanggapan: Mula Lunes hanggang Biyernes 8:30 AM to 5:00 PM (maliban sa mga holiday na pampubliko at sa new year)

Babala : Ang guardian (tatay, nanay, o kung sinuman ang taga-alaga) ang dapat mag-apply. Kung sakaling hindi guardian ang magsasagawa ng aplikasyon, mangyaring maghanda ng authorization letter. Hindi kailangan ang appointment bago mag-apply. Mangyaring dalhin din ang residence card ng bata sa oras ng aplikasyon.

○Sa mga may pag-aalala o problema tungkol sa buhay-paaralan sa kadahilanang “hindi nakakapagsalita o nakakaintindi ng wikang Hapon”

Itinatag ang Opisina ng Konsultasyon para sa Edukasyon ng Returnee/Foreign Resident sa lunsod ng Setagaya na nag-aalok ng iba’t ibang uri ng suporta para sa kapakanan ng estudyante sa elementary at junior high school na hindi nakakapagsalita o nakakaintindi ng Japanese. Halimbawa ang pagpapadala ng assistant sa paaralan o ng interpreter para sa guardian sa oras na makatanggap ng komunikasyon mula sa paaralan. Bukod dito, isinasagawa din ang mga “remedial classes” sa maliliit na grupo gamit ang silid-aralan sa Umegaoka Junior High School. Para sa karagdagang detalye, basahin ang *Yōkoso* (nakasalin sa English, Intsik, at Koreano), o makipag-ugnayan mismo sa Opisina ng Konsultasyon para sa Edukasyon ng Returnee/Foreign Resident.

Opisina ng Konsultasyon para sa Edukasyon ng Returnee/Foreign Resident (Sa loob ng Umegaoka Junior High School)
Telepono/FAX: 03-3322-7776